

Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle

Ang Pamantayang Alituntunin ng Mga Pampublikong Paaralan
2018 - 2019



Misyon

Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay nakapangako sa pagsiguro ng makatarangang paggamit, pagsara ng mga puwang sa pagkakataon, at kahusayan sa edukasyon para sa bawat mag-aaral.

Pananaw

Bawa't mag-aaral ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay tatanggap ng isang mataas na uri, ika-21 siglong edukasyon at magtatapos handa para sa kolehiyo, karera at buhay.

Pagkakapantay at Patakaran sa Pagsunod:

Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle (SPS) ay nagbibigay ng Pantay na Pagkakataong Edukasyonal at Pantay na Pagkakataon sa Trabaho at hindi nagtatangi sa anumang mga programa o aktibidad batay sa kasarian; lahi; pananalig; kulay; relihiyon; angkan; pinanggalingan; edad; katayuan sa buhay; sekswal na kinakalihan; kasama ang kasariang pananalita o pagkakakilanlan; pagbubuntis, kalagayang matrimonyal; pisikal na anyo; pagkakaroon ng anumang pakiramdam na pagkabaldang mental o pisikal; may karangalan pagkatiwalag na beterano o kalagayang militar; o sa paggamit ng sinanay na giyang aso o serbisyong hayop. Ang SPS ay nagbibigay ng pantay na paggamit sa mga Boy Scouts at ibang hinirang na grupo ng kabataan. Para sa mga mag-aaral at mga miyembro ng publiko, ang mga sumusunod na mga kawani, ang naatasang mangasiwa ng mga katanungan at reklamo laban sa bintang na pagtatangi at maaaring maabot sa: Sa pamamagitan ng telepono o email tulad na nakasulat na impormasyon sa ibaba:

Seattle Public Schools

MS 32-149

PO Box 34165

Seattle, WA 98124-1166

Para sa pag-aalala sa sekswal na diskriminasyon, kasama ang sekswal na panliligalig, kontakin:

Title IX Grievance Coordinator

title.ix@seattleschools.org

Para sa pag-aalala sa diskriminasyon sa may kapansanan, kontakin:

ADA/Section 504 Grievance Coordinator,

accessibility@seattleschools.org

Para sa lahat ng ibang uring diskriminasyon, kontakin:

Student Civil Rights Coordinator,

oscr@seattleschools.org

Para sa mga katanungan ng kawani tungkol sa o mga pakiusap na may kaugnayan sa pangangailangan ng may kapansanan at/o reklamo na bintang na diskriminasyon, kasama ang sekswal na panliligalig, kontakin:

Assistant Superintendent of Human Resources,

Seattle Public Schools

Mailstop 33-157

PO Box 34165

Seattle WA, 98124-1166

(206) 252-0024, or hreeoc@seattleschools.org

SEATTLE SCHOOL BOARD

Rick Burke
Zachary DeWolf
Leslie Harris

Jill Geary

Eden Mack
Betty Patu
Scott Pinkham

SUPERINTENDENT
Denise Juneau



Ang saligan ng patakaran sa disiplina ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay isang paghadlang, sa pamamagitan ng pagtatayo ng isang positibong paaralang klima na kinabibilangan ng pangkalahatang pag-asam na mabuting kaasalan at isang paniniwala tungkol sa inaasahang asal na kinapapalooban ng mga mag-aaral, pamilya, guro, namamahala, boluntaryo, at ibang kawani. (sa loob ng balangkas ng isang Positibong Pamamagitan sa Kaugalian at mga Suporta) Ang mga pamamaraan ng pagdisiplina at estratehiyana ay naglalayon na magamit ang lahat ng oras sa pagtuturo at ng bawasan ang resulta ng pagkataliks sa paaralan dahil sa masamang asal. Ang dokumentong ito ay natutungkol sa lahat ng mga mag-aaral at idinisenyo upang turuan ang lahat ng miyembro ng pamayanan sa mga alituntunin, patakaran at pamamaraan ng karapatan na marinig. Hinihimok namin ang mga pamilya upang suriin ang Mga Karapatan at Pananagutan ng Mag-aaral kasama ang kanilang mag-aaral. Ito'y naglalarawan ng aming mga pag-asam sa paaralan gayundin kung ano ang maaaring asahan ng mga mag-aaral mula sa mga may edad sa paaralan.

Ang Mga Pampublikong Paaralan ay nakapangako

Ang pag-aalis ng puwang ng pagkakataon at pagsisiguro ng edukasyonal na kahusayan para sa isa at bawat mag-aaral ay ang isyu ng aming panahon.

Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay kumikilala:

- Na mayroong hindi pagkakapantay-pantay sa lahi sa mga tugon sa pagdidisiplina sa loob ng distrito;
- Na bawat sitwasyon na kinapapalooban ng disiplina ay maaaring masalimuot na may pinagbabatayang mga dahilan na nangangailangan na maunawaan ng kawani ang dahilan ng mga inasal ng mag-aaral;
- Na ang nagpapagaan at nagpapalubhang mga dahilan ay dapat makaimpluwensiya sa proseso ng paggawa ng desisyon sa pagdidisiplina; at
- Na may matinding epekto kapag gumagamit ng pagpipili na mga kaugalian.

Ang kawani ng paaralan ay nakapangako:

- Pag-aralan, mag-alaga at magtayo ng positibong pakikipagsamahan sa mga mag-aaral;
- Suportahan ang kabuuang ng bata;
- Panatilihin sa mga mag-aaral ang mataas na pag-asam at magbigay ng may uri at epektibong instruksiyon;
- Pagtuturo ng pag-unlad ng positibong sosyal, emosyonal at pag-uugali mga kasanayan ng mga mag-aaral.
- Paggamit ng iba't ibang mga paraan upang hubugin ang asal kapag ang pinsala ang nangyari, sa halip na umasa sa mga piling nakaugalian;
- Pagsasagawa ng isang disiplinaryong sagot na hindi masyadong nakasagabal sa relasyon ng mag-aaral-paaralan, na nagbabawas din ng pagkawala ng oras ng pagtuturo;
- Pakikipartner sa mga pamilya, ibang kawani at mga samahalia sa pamayanan sakaling magkaroon ng pangdisiplinang aksiyon; at
- Pagsusuri ng kanilang sariling ganap na batayan, habang nagtatrabaho mula sa isang may pagsang-ayon sa kultura, may kaalaman sa trauma na mga mata na gumagamit ng mga pasalitang kasanayan na nagpapagaan sa pagsisikap na makagawa ng mga kalagayan sa aming mga paaralan na magpapahintulot sa mga mag-aaral na maging matagumpay

Positibong Paniniwala, Positibong Pakikipag-ugnayan, Positibong Pag-aaral at Positibong Pakikipagsamahan sa Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle

Ang makabuluhang pag-aaral ay nangyayari sa mga kapaligiran na ligtas, positibo, hindi nagbabago, at nahuhulaan ang mangyayari. Kapag ang prinsipyo ng kaalamang pangkultura, kaligtasan, paggalang, katapatan, pananagutan, at katarungan ay ipinakilala sa buong sistema, nagtiwalang pagsasamahan ang bunga at kahusayan para sa bawat isang mag-aaral ay maaaring makamitan.

Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay nakapangako sa pagpapatuloy ng kahusayan pangkultura na gumagalang at pinahahalagahan ang pagkakaiba sa buong Distrito sa mga paaralan at sa mga silid-aralan. Ang pangakong ito ay nagsisilbing gabay sa mga desisyon sa pagtataguyod ng pantay at makatarangang pagtrato sa lahat.

Ang isang ligtas at malusog na positibong pampaaralang klima ay mahalaga sa pagtataguyod ng isang damdamin ng kung saan ka mabibilang at sumusuporta sa kahusayan para sa bawat isang mag-aaral. Kabilang sa mga positibong pampaaralang klima ay:

- Isang pananaw batay sa magkasamang paniniwala, pagpapahalaga, ritwal at mga kuwento na lumago bilang bahagi ng kultura.
- Nagtutulungang pagsasamahan at magalang na mga aksiyon sa pagitan ng mga mag-aaral, pamilya at kawani.
- Makatwiran at pantay na pagtrato na gumagalang at nagpapahalaga sa lahat ng kultura
- Isang pisikal na kapaligiran na tumatanggap, ligtas at maaaring magamit ng lahat.
- Regular na pagtaya at pagrepasso sa sarbey sa klima ng paaralan, ng mga mag-aaral, pamilya, kawani at mga namumuhunan.

Karagdagan sa isang positibong klima ng paaralan, nauunawaan namin na paminsan-minsan ang mga mag-aaral ay nakararanas ng emosyonal at/o pisikal na alalahanin. Sa mga panahong ito, ang mga mag-aaral ay hinihimok na magbahagi sa isang pinagkakatiwalaang nakatatanda sa paaralan at ang kawani ay nangangako sa pagsuporta sa bawat mag-aaral upang siya ay makalahok ng sapat sa araw ng pag-aaral.

Pagkaminsan ang karagdagang pagpapayo, suporta at mapagkukunan ay maaring makatutulong. Ilang mga ahensiya ng pamayanan ay nagbibigay ng tulong at impormasyon sa kalusugan at mga serbisyo sa tao para sa mga naninirahan sa King County, Maaari kayong tumawag sa 800-621-4636, 206-461-3610 o 211 para sa karagdagang impormasyon.

Ang aming Mga Karapatan at Pananagutan ng Mag-aaral ay nagtatakda ng mga alituntunin at patakaran ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle hinggil sa asal ng mag-aaral. Ito ay ginawa sa pagsunod sa mga kailangan ng batas sa Estado at ipinantay sa Estratehikong Plano ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle. Ito ay tumutukoy sa mga seksiyon ng Washington Administrative Code (WAC) na namamahala sa paggamit ng pagpapatamang aksiyon (hal. disiplina, suspensiyon at pagpapatalsik) para sa sinumang mag-aaral ng paaralang distrito.

Mga Karapatan ng Mag-aaral

Bilang miyembro ng pamayanan ng paaralan, ang mga mag-aaral ay may karapatan sa:

- Isang maayos at ligtas na silid-aralan at paaralan
- Isang may uring edukasyon na may mataas na pag-asam at tamang suporta;
- Magalang at mapitagang pagtrato;
- Mapakinggan sa at marinig ang kanilang tinig.
- Magkaroon ng pantay na paggamit sa mataas na kalidad ng pagtuturo, serbisyo, tulong, at karagdagang aktibidad;
- Makilala at mapangalagaan sa paaralan; at
- Tumanggap ng tumpak na mga kahihinatnan at magbigay ng pagkakataon upang matuto mula sa kamalian.

Sa karagdagan, bilang mamamayan, ang mga mag-aaral ay mayroong karapatang konstitusyonal at mga paaralan ay hindi tamang manghimasok sa mg karapatang iyon. Ang mga paaralan, gayunman, ay maaaring magtakda ng makatwirang limistasyon sa mga karapatang iyon upang matupad ang kanilang pananagutan na makapagturo.

- Kalayaan sa Pananalita
- Pagtitipon
- Petisyon
- Maglathala
- Walang hindi makatarungang pagsaliksik at pagsamsam
- Pantay-pantay na pagkakataon sa pag-aaral
- Relihiyon

Mga Pananagutan ng Mag-aaral

Bilang miyembro ng pamayanan ng paaralan, ang mga mag-aaral ay kinakailangan may personal na pananagutan sa:

- *Ibahagi sa isang pinagkakatiwalaang may edad sa paaralan kung sila ay nakararanas ng problemang emosyonal o pisikal para sa layuning makakuha ng tulong o suporta;*
- *Magmungkahi para sa kanilang edukasyonal, kultural, sosyal at emosyonal na pangangailangan;*
- *Lumahok sa pinag-isang magalang na pag-uusap sa mga kawani at ibang mga mag-aaral;*
- *Tanggapin ang makatwirang kalalabasan kung hindi makuha ang mga pag-asam na asal at gamitin ang pagkakataon na matuto sa kanilang kamalian;*
- *Pumasok sa paaralan araw-araw at handa sa lahat ng klase;*
- *Makatulong sa isang ligtas at positibong klimang pampaaralan;*
- *Igalang at alalahanin ang karapatan ng iba;*
- *Unawain at sundin ang "Batayang Alintuntunin ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle" at mga alintuntunin ng indibidwal na paaralan;*
- *Magdamit ng maayos para sa paaralan sa paraan na hindi magiging sanhi ng mga suliranin para sa kaligtasan o kalusugan;*
- *Ipakilala ang sarili sa at sundin ang mga tagubillin ng kawani ng paaralan; at*
- *Igalang ang ari-arian ng iba at ang paaralan.*



Mga Pananagutan ng Paaralan

Ang mga kawani ng paaralan ay may pananagutan na:

- Bumuo ng isang ligtas at positibong klimang pampaaralan;
- Pag-aralan, mangalaga at magtayo ng positibong pakikipagsamahan sa mga mag-aaral;
- Panatilihin sa mga mag-aaral ang mataas na pag-asam at magbigay ng may uri at epektibong instruksiyon;
- Magmodelo ng magalang at mapitagang pagtrato;
- Magbigay ng mga pagkakataon sa mga mag-aaral na mapakinggan ang kanilang tinig;
- Pasiglahin ang paglahok ng pamilya sa paglutas sa patuloy na mga problema;
- Pasiglahin ang paglutas sa mga problema sa loob ng paaralan; at
- Magbawas at mag-alis ng pagkawala ng oras ng pagtuturo at mga pangyayari sa labas ng paaralan;
- Unawain na ang mga layunin ng disiplina ay upang suportahan ang pagbabago ng asal, hindi para parusahan; at
- Magbigay ng disiplina na layong magturo ng pananagutan at mag-ayos at maibalik ang relasyon.

Ano ang Mangyayari Kung ang Mag-aaral ay Nilabag ang isang Alintuntunin?

Kailanma't ang mag-aaral ay inakusahang lumabag sa isang alintuntunin, sila ay mayroon karapatan na magpaliwanag ng kanilang panig sa istorya sa kanilang guro, tagapayo, katulong na punong-guro, o punong-guro bago sila disiplinahin. Ang kanilang magulang/tagapag-alaga ay maaari ring makipagkita sa kawani ng paaralan upang tulungang matukoy, lutasin ang mga problema, at upang tiyakin ang iba pang tugon ng pagdidisiplina. Subali't, kung ang kasalanan ay lubhang grabe maaari na ang mag-aaral ay masuspende o mapatalsik.

Ang isang tagapamahala ng paaralan ay maaaring emerhensiyang magpatalsik sa mag-aaral kaagad, sa kondisyong mayroong sapat na dahilan na paniwalaan na ang pananatili ng mag-aaral ay mapanganib at/ o ito'y magiging dahilan ng malubhang kaabalahan sa loob ng paaralan, na manatili sila sa mga klase, para sa mga aktibidad, at ibang magkakaugnay na mga pagdiriwang ng paaralan, Kung ang mag-aaral ay nasuspendido, napatalsik, o emerhensiyang napatalsik, ikaw ay tatanggap ng nakasulat na Patalastas na Aksiyon sa Disiplina (NDA) sa loob ng 24 na oras.

Asal ng Mag-aaral

(Dating Koda ng Ipinagbabawal na Asal)

- *Panununog*
- *Pagsalakay*
- Pananakot sa Pamamagitan ng Karahasan
- *Pang-aapi, Pananakot, at Panliligalig*
- *Nakawan ang isang lugar*
- *Paggamit ng Kompyuter ng Walang Pahintulot, at Paggamit sa Maling Paraan*
- *Mga Delikadong Armas*
- *Hindi Pagsunod*
- *Nakakagulong Asal*
- *Pamamahagi ng mga inuming may alcohol*
- *Pamamahagi ng Ilegal na mga Gamot, Kontroladong Sangkap, reseta o mga Gamot na Mabibili ng Walang Reseta*
- *Pamamahagi ng Marihuana*
- *Pangingikil*
- *Maling Alarma*
- *Maling Babala*
- *Pakikipag-away*
- *Armas*
- *Mga Paputok, mga Pampasabog, Kemikal. At mga Gamit na Nakasusunog*
- *Pagsusugal*
- *Gang/Pool na Gawain ng Grupo*
- *Graffiti*
- *Hazing*
- *Hindi Angkop na Salita*
- *Hindi Tamang Sekswal na Pag-uugali*
- *Hindi Tamang Paghawak sa Isang Bahagi ng Katawan*
- *Panghihimasok sa mga Kawani ng Paaralan*
- *Pananakot sa mga Kawani ng Paaralan*
- *Malaswang Pag-uugali*
- *Malisyosong Panliligalig*
- *Malisyong Kapilyuhan sa Pagsira ng Ari-arian*
- *Pagsisinunggaling*
- *Maling Paggamit ng Kompyuter*
- *Ibang Di-Pangkaraniwang Maling Ugali*
- *Pamamalahiyo*
- *Pagkakaroon o Paggamit ng Ipinagbabawal na Gamot, Kontroladong mga Sangkap. Gamot na may Reseta o mga Gamot na Mabibili ng Walang Reseta*
- *Pagtataglay o Paggamit ng Inuming may Alkohol*
- *Pagtataglay o Paggamit ng ng Marihuana*
- *Pagkakaroon ng Nakaw na Gamit*
- *Panloloob*
- *Hindi Pagsunod sa Patakaran*
- *Pagbebenta ng Inuming may Alkohol*
- *Pagbebenta ng Ipinagbabawal na Gamot, Kontroladong mga Sangkap. Gamot na may Reseta o mga Gamot na Mabibili ng Walang Reseta*
- *Pagbebenta ng Marihuana*
- *Sekswal na Pagsalakay*
- *Sekswal na Panliligalig*
- *Mga Maliit na natitiklop na Kutsilyo*
- *Pagnanakaw*
- *Mga Laruang Baril at mga Laruang Armas*
- *Mga Laruan na Ginamit bilang Armas*
- *Pumasok ng Walang Pahintulot*
- *Paggamit o Pagkakaroon ng mga Produktong Tabako (mga gamit na elektronikong na singaw)*

Patalastas sa mga Mag-aaral at Pamilya na iniutos ng Pederal na Paaralang Walang Droga at Pamayanan Batas ng 1989

Ang Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay nagbabawal ng labag sa batas na pagtataglay, paggamit, o pamamahagi ng ipinagbabawal na mga droga at alkohol ng mga mag-aaral sa mga lugar ng paaralan, sa transportasyon na inisponsor ng paaralan, o bilang bahagi ng mga aktibidad ng paaralan. Ang pagsunod sa alituntuning ito ay sapilitan; ang mga mag-aaral na nagwawalang bahala sa pagbabawal ay maaaring masuspendido o mapatalsik. Ang mga Pampublikong Paaralan ng Seattle ay nag-aalok, o maaaring tumulong sa pagsasaayos ng pagkakataon ng pagpapayo sa droga at alkohol na edukasyon, tagapagpayo, at pagbabagong buhay. Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang pinuno ng paaralan o tapayo.



Paano kung iniisip ng Mag-aaral na sila ay Tinatrato ng Di-Makatarungo?

Kung ang pinuno ng paaralan ay nagpapanukala ng tugon sa pagdidisiplina, at inaakala ng mag-aaral na di -makatarungan o hindi angkop, may karapatang ang mag-aaral na umapela sa ipinatay na disiplina. Ang iba't ibang proseso para sa apela ay nasasaad sa manwal ng Karapatan at Pananagutan ng Mag-aaral, na maaari na makuha mula sa paaralan ng mag-aaral, sa *Tanggapan ng Disiplina ng Mag-aaral* sa 206-252-0820, o sa website ng Mga Pampublikong Paaralan ng Seattle sa: www.seattleschools.org.